
# Doktrina at mga Tipan 23–24: Payo mula sa Panginoon

Pumili ng kahit dalawa sa mga sumusunod na tao na babasahin. Maghanap ng mga parirala sa mga talatang may kaugnayan sa buod ng kasaysayan. Makatutulong ito sa iyo na makita ang katibayan na kilala ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang bawat tao at nagbigay Sila ng payo para sa kanilang personal na buhay.

## Oliver Cowdery

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 23:1–2; 24:10–12**



Si Oliver ay isang guro. Naglingkod siya bilang tagasulat ni Joseph Smith Jr. nang isalin nito ang Aklat ni Mormon. Isa siya sa Tatlong Saksi ng Aklat ni Mormon at siya ang pangalawang elder ng ipinanumbalik na Simbahan. Ibinahagi niya ang ebanghelyo sa pamilya Whitmer at sa iba pang mga kaibigan niya sa Fayette, New York. Sa ilang pagkakataon kinakitaan siya ng kapalaluan, kabilang na ang minsang pagsulat niya kay Joseph Smith Jr. hinggil sa isang bahagi ng paghahayag na hindi niya sinang-ayunan. Ang kanyang kapalaluan ay naging dahilan para lisanin niya ang Simbahan sa pagitan ng 1838 at 1847.

## Hyrum Smith

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 23:3**



Si Hyrum ay nakatatandang kapatid ni Propetang Joseph Smith. Tumulong siya sa paglalathala ng Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng direktang pakikipagtulungan sa manlilimbag. Nagkaroon siya ng matinding hangaring ipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo, ngunit iniutos sa kanya na maghintay at maghanda sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng Diyos (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:21–22). Naglingkod siya bilang pangulo ng unang branch ng Simbahan sa Colesville, New York. Ginampanan ni Hyrum ang kanyang tungkulin sa Simbahan at naging tapat siya sa Panginoon sa buong buhay niya.

## Joseph Knight Sr.

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 23:6–7**



Si Joseph Knight Sr. ay malapit na kaibigan ni Joseph Smith Jr. at nagpakita sa kanya ng labis na kabaitan. Binigyan niya ang Propeta ng mga suplay habang isinasalin nito ang Aklat ni Mormon. Ninais niyang magpabinyag kasama ang iba pa sa araw na itinatag ang Simbahan, ngunit ipinasiya niyang ipagpaliban ito dahil gusto niyang pag-aralan pa lalo ang Aklat ni Mormon. Hindi nagtagal matapos matanggap ang payo ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 23, pinili ni Joseph Knight Sr. na magpabinyag. Siya ay nanatiling tapat na miyembro ng Simbahan sa buong buhay niya.

## Joseph Smith Jr.

**DOKTRINA AT MGA TIPAN 24:1–9**



Si Joseph Smith Jr. ay Propeta ng Panginoon. Noong Abril 1830, itinatag ni Joseph ang ipinanumbalik na Simbahan. Agad na naharap ang bagong Simbahan sa pag-uusig. Si Joseph ay inaresto sa mga maling paratang at pinakawalan. Responsibilidad niyang itaguyod ang kanyang pamilya at pamunuan ang Simbahan nang sabay. "Abala man siya sa bagong simbahan, kailangan niyang magtanim agad sa kanyang bukid kung gusto niya ng matagumpay na ani sa taglagas. Ang kanyang mga bayad para sa sakahan ng ama ni Emma ay huli na sa takdang araw, at kung hindi magiging maganda ang kanyang ani, kailangan niyang humanap ng iba pang paraan upang bayaran ang kanyang pagkakautang" (*Mga Banal*, 1:103).

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_121-1